IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M06/2/A2PIL/HP1/TGL/TZ0/XX

22062049

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Monday 22 May 2006 (morning)
Lundi 22 mai 2006 (matin)
Lunes 22 de mayo de 2006 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A **o** Seksyon B*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe, at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 1** (a)

### Hiblang Abo

**TAGPUAN**: *Isang abuhing silid, may apat na kalawanging kama, bawa't isa'y munting kabinet na kupas ang barnis, sa institusyon ng mga abandonadong matanda. Naroon sina SOTERO, dating magsasaka, 75; HUSE, mananalaysay, 70; BLAS, dating manggagawa, 70 at PEDRO, dating magsasaka, 72.*

SOTERO: Sino'ng kakalinga sa bangkay ni Tandang Basyo?

HUSE: Ipahahanap ni Misis Salvacion ang mga kamag-anak nito.

SOTERO: At kung hindi makita?

BLAS: Ililibing!

PEDRO: O kaya'y ibibigay sa medisina upang pag-aralan.

SOTERO: Hesusmaryosep! Tao ang namatay!

PEDRO: Hindi pababayaan nina Misis Salvacion ang bangkay.

BLAS: Anuman ang gawin do'n, hindi na 'yon mabubuhay.

SOTERO: Bukas na bukas, aalis ako!

HUSE: Saan ka pupunta?

SOTERO: Ayokong mamatay dito gaya ni Tandang Basyo! Ayoko ng ganoong kamatayan. Uuwi ako sa anak ko. Kukupkupin ako ni Victoria. Pakakalinga ako sa aking bunso.

Bahagi ng dula ni Rene Villanueva, 2000

**Teksto 1** (b)

## Nanang Orang

Hindi namin akalain na babalik sa aming muli si Nanang Orang, matagal din naming naging kasambahay.

Nahimlay na kami'y talos kong sa isip ni Edna, ay binabanghay rin nito ang kahulugan ng matanda, ang kahulugan ng takipsilim ni Nanang Orang sa amin, at sa Pulong Buwaya. Habang ako'y nakahiga, samatalang nakatutok ang aking paningin sa karimlan, ay maraming nagbabakang mga larawan sa aking isip. Naroon ang kasariwaan ni Nanang Orang: ang pagdatal nito mula sa Samar, may taglay na ilang pirasong damit, parang ligaw na kaluluwang napadako sa isang kagubatan ng malulupit na taong-lunsod, upang sa malaking bahay naming ay maunawaan niyang sa mga paganong hayop ng lunsod, ay may espiritu pa rin ang pag-ibig, at yao'y kanyang nais ihatid sa aso't pusa't taong kanyang nakaugnay sa matanda't malaking bahay. Umibig sa kanyang kasibulan, naging bunga'y si Laura, na kay agang inagaw ng pag-ibig at bisyo ni Bravo upang angkinin ng kalahatan ng Pulong Buwaya: ng kahinaan niyon: at sa kanyang pagiging ina, pagkat wala nang ama si Laura, sumadlak din siya sa sumpa ng ng Pulong Buwaya, sa ngalan ng pag-ibig, ni Laura. Ang Pulong Buwaya ay isang munting isla, naging hantungan ng mga eskuwater na umalis sa lunsod, sapagkat naglilinis ng kaluluwa ang lunsod, at hindi sila nagtungo sa Sapang Palay na pinagdalhan ng pamahalaan sa karamihan sa mga eskuwater, pagkat aayaw nilang maglinis ng kaluluwa't magtayo ng pangalan mula sa lusak. Tuso si Bravo, walang muwang si Laura, at dahil sa babae, ang puri'y dapat unawain matapos mabatikan, maging yao'y paghabang buhay na pagluha at pagkaalipin. Nagpakaalipin si Laura: at si Nanang Orang na bahagi pa ng kagandahan ng lumipas ng isang tadhana't aso't pusa ay nakaooawang siya'y hindi dapat na panghabang buhay na maalipin, pagkat nais niyang magmulat ng isang katotohanan: hanggang sa sumukdol ang sandaling ang sagisag niya'y hamakin at kamuhian ni Bravo, at sa huling hakbang, natagpuan nito ang landas na pabalik sa malaking bahay, na kanyang bahagi, upang doo'y maunawaan niyang siya'y dapat na manatili, habang buhay, magpakailanman, hanggang may katas pa ng pag-ibig ang buhay na nais niyang yapusin hanggang sa labi ng hukay.

Bahagi ng kuwento ni Mayo Menez, Likhaan Lahi Publication, 2002

**SEKSYON B**

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 2** (a)

## Gubat ng mga Patalastas-Lansangan

Sa totoo lamang, para ngang wala nang patumangga ang paglalagay ng mga patalastas-lansangan sa ating bansa, lalo na sa Kalakhang Maynila. Kapag pinag-aralan mo ang mga ito, makikita mo ang kulturang Pilipino na isang tunay na konsumeristang kalinangan. Nasa naglalakihang patalastas-lansangan ang komersyalismo sa eskalang parang sobrang-sobra na mula sa pinakamalalaking bagay hanggang sa pinakamaliliit, na nakatanghal sa iba't ibang anyo na minsan ay kasuka-suka ang hitsura, parang nanunukso ang mga katawang nakabilad ng mga kababaihan at kalalakihan sa pag-aanunsyo ng mga produktong pansuot o panggamit.

Kung araw, ang mga ito'y waring mga istrukturang walang buhay. Pero pagsapit ng gabi, para silang mga katauhang biglang-biglang nagkakabuhay sa panliligo sa liwanag. Ilan na kayang aksidente ang naibubunsod ng kanilang mapanuksong rahuyo kung gabi? Ang tunay na kasangga ng mga patalastas-lansangan sa pamiminsala ay ang malakas na bugso ng hangin. Kung may unos, ang mga patalastas-lansangan ay nagkakapersona ng isang kriminal na maaaring pumatay at mangwasak.

Natatandaan ko tuloy ng mga unang taon ng dekada sitenta, nakatira noon kami sa Plainview sa Mandaluyong. Kaming mag-asawa ay sakay sa isang bus dahil aming pina-follow-up ang kanyang mga papeles sa Manila City Hall. Inabot kami ng napakalakas na bagyong Yoleng sa daan pabalik sa aming bahay mula sa Maynila. Noon ko nakita ang mga billboard na tinatanggal ng malakas na bagyo, inililipad ng unos na parang mga higanteng saranggola. Tunay na nakita ko ang pagkatanggal ng takip ng isang napakalaking inumin sa nakatayong mataas na lalagyan sa Edsa. Hanggang bahay na parang hinahabol kami ng mga patalastas-lansangan na natatanggal ng bagyo.

Kung ako ang tatanungin, nangangarap ako ng isang Kalakhang Maynila na walang billboard, na sa tingin ko'y nagpapapangit sa mukha ng lunsod. Pangarap ko ang isang Kalakhang Maynila sa kanyang likas na katangian bilang siyudad na ligtas sa pananalasa ng mapanganib na komersyalismo.

Sanaysay mula sa kolum na *Pananaw* ni Deo Manuel sa pahayagang *Tanod*,
Setyembre, 2005

**Teksto 2** (b)

## Pagsapit ng Gabi sa Lunsod

Maituturing din na kanser sa lipunang Pilipino ang prostitusyon. Saan mang sulok ng bansa, laganap ito at matinding kahirapan ang sinasabing nagtutulak sa isang tao upang pasukin ang gaitong hanapbuhay labag man sa kanyang kalooban.

Sa gitna ng dilim sila nabubuhay sa paniniwalang matatamo nila ang liwanag ng kasaganaan sa darating na mga araw kahit sa pamamagitan ng pagbebenta ng laman.

Sa kanto ng Aurora Boulevard at Edsa, Cubao, Quezon City, partikular sa tapat ng ACT Theater at ibabaw ng mga tulay tawirang-tao sa nasabing lugar, tila mga langgam na naglipana sa gabi ang mga babaing nagbebenta ng panandaliang aliw. Dito sila nagtitipun-tipon. Dito nila inaalok ang kanilang laman sa mga nagsisidaan, ngunit naghahanap ng ligaya kahit sa murang halaga.

May mga pagkakataong nasasaksihan natin ang mga pangyayaring kinasasangkutan ng mga taong nasa likod ng hanapbuhay na ito. Isa nang halimbawa rito ang away sa pagitan ng isang prostitute at kanyang bugaw.

“Tinatarantado mo ‘ko, ha!?” pasigaw na tanong ng isang prostitute sa kanyang bugaw.

“Bakit!?” sagot ng bugaw. “Hindi pa ba kasya sa pangangailangan mo sa shabu ang ibinibigay ko sa ‘yo?”

Nagsagutan sa kita ang bugaw at putatsing nang hindi magkasundo sa halagang iniaalok ng kanilang kustomer. Nais ng bugaw na malaki ang kitain niya sa gagawing erbisyo ng pokpok na kanilang inalok. Ngunit nabuko siya ng babae.

Inalam ng pahayagang ito sa ilang matagal nang magtitinda na naka-paligid sa lugar. Nabatid na araw-araw itong nagaganap sa nasabing lugar, lalo na kung sumasapit ang dilim at dumarami ang lalaking naghahanap ng bayarang aliw.

Ngunit nilinaw ng mga nakapanayam ng pahayagang ito na patuloy ang ganitong uri ng hanapbuhay at pangyayari kahit nasasaksihan din ng mga kagawad ng pulisya.

“Kahit may mga pulis, patay-malisya na lamang sila at hindi nila magawang pagbawalan. Baka nga may lagay sa kanila,” natatawang pahayag ni Lilia, isang tindera sa kalye.

Nag-iimbestigang balita ni Odessa Orpilla, *Ronda News,* Setyembre 2005